AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**READING FOR GRADES 3-6**

**Aralin 12**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Sol - A Legend About the Sun" na isinulat ni Agay Llanera****. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 12** |
|---|
| Book Title: Sol- A Legend About the Sun |
| Author: Agay Llanera |
| Source: CANVAS |

**I. Pagbati**

Magandang araw sa inyong lahat! ☀️Si Teacher _____ ulit ay nandito  para sa ating Reading Lesson. Sa araw na ito, itutuloy natin ang pagtalakay sa librong 📚 Sol - A Legend About the Sun 📚 ni Agay Llanera.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽

Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Isaisip ang mga ito habang nagbabasa!

**III. Talasalitaan** 💬

Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento, baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Nahumaling** - nabighani o nagustuhan o nagandahan
**(2) Kuwerdas** - isang sinulid o tali na ginagamit sa mga intstumento gaya ng gitara
**(3) Humalinghing** - huni ng kabayo o umungol na katulad ng tunog ng kabayo
**(4) Arko** -ginagamit upang mapatugtog ang biyolin

Tara na't ituloy ang pagbabasa sa kwento.
--

**IV.📚 SOL - A LEGEND ABOUT THE SUN NI AGAY LLANERA**
*Bigkasin natin ang kada-linya 📣*

•Ngunit bigla na lamang naputol ang isang kuwerdas ng biyolin. Dapat sana'y papalitan ito ni Amorsolo ng kaniyang mahabang buhok gaya ng nakagawian.
•Ngunit bago pa man maalalang siya ay kalbo na, nagulat 😮 siya nang mapansing siya pala'y lumulutang na sa mga ulap. ☁☁☁
•"Ahh!" Muntik nang mahulog si Amorsolo mula sa kanyang kabayo.

•Nang tingnan niya ang ilog 🏞 sa ibaba, mistulan itong isang maliit na lubak na napuno ng tubig-ulan. Humalinghing ang kabayo; iginalaw nito ang buntot at marahang tinapik 🖐 ang likod ni Amorsolo.
•"Huwag kang huminto."
•Noon lamang nakita ni Amorsolo na siya pala'y nasa harap na ng kanyang sinisintang Araw - ang dahilan ng kanyang walang-sawang paglikha ng musika.🎶🎶

•"Ipagpatuloy mo."
•Hindi siya makagalaw. Nalunod siya sa paikot-ikot na mga kulay ng mata ng Araw.
•Doon ay nakita ni Amorsolo ang napatangang anyo ng sarili. Pinilit niyang magsalita. 😦

•"I-ipagpaumanhin n'yo. Napatid ang aking kuwerdas at wala na akong buhok upang palitan...aaw!" Hinampas siya ng kabayo ng buntot nito.
"...ang putol na kuwerdas...aaw!"
•Ngayon ay talagang pinalo na nang mariin si Amorsolo ng buntot ng kabayo. Mabilis niyang hinawakan ang buntot at nang ito'y maisaayos sa dati nitong puwesto, nakita niyang may mga naiwang hibla sa kanyang kamay.
•May bigla siyang naisip. "Sandali lamang."

•Agad niyang itinali ang buhok ng kabayo sa kanyang arko. 'Di nagtagal ay tumugtog siyang muli.
•Nang matapos si Amorsolo, napatitig ang Araw sa kanya. Bakas sa mukha nito ang labis na paghanga.😯
•"Nakabibighani! 👏👏Ano ang tawag mo roon?"

•"Isang awit 🎶," sagot ni Amorsolo. "Nilikha ko ito para sa iyo."
•"Para sa akin?" Nagtatakang tanong ng Araw. "Wala pang lumilikha ng awit para sa

akin."
•Ngumiti ito😄. "At ang isang awit ay nabubuo ng mga iba-ibang tunog,hindi ba?"

• “Ah, ang ibig mong sabihin ay ang mga notang tulad nito.” At ipinarinig ni Amorsolo ang isang notang maigting ang tunog. 🎻🎶🎶
•"Napakaganda." 😊
•“Ngunit hindi kasingganda mo. Napahalikhik ang Araw sa tuwa. ☺

•“Ang bawat nota 🎵 ay may sariling pangalan,” paliwanag ni Amorsolo. Nahihiya siya ngunit nagulat sa kanyang kapangahasan.
•"Ano ang pangalan ng tunog na iyon?"
•“Sol.”

•"Dahil higit na maganda pa ako sa tunog na iyon, dapat lamang ay ako ang magtaglay ng kanyang pangalan," pagbibiro ng Araw.
•Namula si Amorsolo.☺
•Mula nang araw na iyon, lagi nang sinasakyan ni Amorsolo ang kabayo at hinaharana ang Araw, na siya namang madaling nahumaling sa kaniyang mga himig.
--
Magaling! Medyo mahaba pero nakayanan!

**V. Gawain** ✏
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Habang tumutugtog ng pang-haranang awitin 🎶 si Amorsolo, ay naputol ang kanyang kwerdas, anong nangyari pagkatapos?

🔎Matapos magulat 😮 sa naganap, naghanap si Amorsolo ng mapapalit sa nasirang kwerdas, ano ito?

🔎Ayon kay Amorsolo, may pangalan ang mga nota, anong pangalan ng notang napansin ni Araw?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan ang katanungang ito:

Anong mga awitin ang nagbibigay kasiyahan sa’yo tuwing ika’y nalulungkot?

Ang musika 🎼 ay isang sining na walang hangganan. Ito ay kayang malampasan ang lenggwahe at mga bansa. Ito rin ay isang klase ng sining na naiintindihan ng lahat, ano man ang iyong paboritong awitin. Ito rin ay nanggaling sa mga lumikhang may pinaghugutan upang makalikha ng mga ito. Kung may kakilalang nalulungkot maaari silang alayan ng mga awitin 🎶🎶 upang mapawi ang kanilang mga problema kahit pansamantala.

| |
|---|
| Maraming salamat sa araw na ito! ☀☀ Napakagaling mo talaga 👍. Abangan mo ang part 4 o ang huling parte sa susunod ha! |

| Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos |
|---|
| **VII. Sagot sa Gawain** ✏<br>🔎Ito sana'y papalitan niya sana ng kanyang sariling buhok gaya ng nakagawian ngunit napagtanto niyang kalbo 🟡 na pala siya.<br><br>🔎 Nung kanyang pinalo ang kabayo, may naiwang mga hibla ng buntot ng kabayo sa kanyang kamay. Ito ang kanyang pinialit sa mga napatid na kwerdas. Ano-ano pa sa mga nasa paligid mo ang pwede mong gawing kwerdas ng biyolin 🎻?<br><br>🔎 Sol, ang pangalan ng notang 🎵 napansin ni Araw. Ikaw, alam mo ba ang ibang pangalan ng mga nota?<br><br>**VIII. Pagtatapos**✔️<br><br>May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤<br><br>-<br>This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center. |